# Mga Dagdag Kaalaman Tungkol Sa Pamantayan ng Kita



Maaaring maging karapat-dapat sa California Lifeline ayon sa kinita ng sambahayan. Kailangang magbigay ng mga katibayan na ang kabuuang kinita ng inyong sambahayan ay nasa o hindi hihigit pa sa itinakdang limitasyon para sa inyong sambahayan. Ang mga sumusunod ay kabilang sa mga katibayan tungkol sa kinita:

- Binayarang buwis ng nakaraang taon para sa estado (*"state"*), sa pederal (*"federal"*) o pang-tribo (*"tribal"*)
- Mga katibayan ng kinita o kopya ng mga kinitang tseke ng tatlong sunod-sunod na buwan sa loob ng isang taon
- Katibayan ng mga benepisyong natanggap mula sa *"Social Security"*, *"Veterans Administration"*, kita mula sa pagreretiro/pensiyon, kinita mula sa pangsamantalang kawalan ng trabaho o *"Workers' Compensation"*
- Kautusan tungkol sa diborsiyo
- Kasulatang tulong sa bata (*"child support"*)
- Iba pang mga opisyal na kasulatan

CALIFORNIA LIFELINE

Programa ng

California Public Utilities Commission
505 Van Ness Ave.
San Francisco, CA 94102

www.cpuc.ca.gov
www.CalPhoneInfo.com
Tagalog

Hulyo 2008

CALIFORNIA LifeLine TELEPHONE PROGRAM



# California LifeLine

TELEPONONG PROGRAMA

Programa ng California Public Utilities Commission

# California LifeLine

(Universal LifeLine na Teleponong Serbisyo)

## Ano ang "*California LifeLine*"?

Ang "*California LifeLine*" (na dating kilala bilang "*Universal LifeLine Telephone Service*") ay programa ng "*California Public Utilities Commission*". Ang programang ito ay nagbibigay ng diskuwento sa serbisyo ng telepono ("*landline*") sa mga sambahayan na mababa ang kinikita.

## Dalawang Paraan upang maging karapat-dapat sa Diskuwento sa Serbisyo ng Telepono:

Maaaring maging karapat-dapat sa "*California Lifeline*" kung kayo (o ibang tao sa inyong sambahayan) ay nakatala sa alin man sa sumusunod na programang tumutulong sa publiko:

- *"Medicaid/Medi-Cal"*
- *"Supplemental Security Income (SSI)"*
- *"Food Stamps (Electronic Benefits Transfer (EBT) card)"*
- *"Healthy Families Category A"*
- *"Temporary Assistance for Needy Families (TANF)"*
- *"Tribal TANF"*
- *"Women, Infant and Children Program (WIC)"*
- *"Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP)"*
- *"Federal Public Housing Assistance or Section 8"*
- *"National School Lunch FREE Lunch Program (NSL)"*
- *"Bureau of Indian Affairs General Assistance"*
- *"Head Start Income Eligible (Tribal Only)"*

# Mga Uri ng Diskuwento na Makukuha

Ang mga sumusunod ay kabilang sa mga diskuwento sa serbisyo ng teleponong pambahay na makukuha ng mga mamimili sa *"California Lifeline"*:

| Serbisyo | Paglalarawan | Halaga |
|---|---|---|
| Pantay na Singil (*"Flat Rate"*) ng panglokal na Serbisyo ng Telepono | Walang hangganang tawag na panglokal | Babayaran ninyo ang pinakamababa sa $5.47 bawat buwan o kalahati (½ ) ng singil ng kompanya sa pantay na halaga (*"Flat-rate"*) sa bawat buwan |
| Sukat na Singil (*"Measured Rate"*) ng panglokal na Serbisyo ng Telepono | 60 libreng tawag na panglokal bawat buwan at matapos ang mga ito, 8 *"cents"* ang bawat tawag. | Babayaran ninyo ang pinakamababa sa $2.91 bawat buwan o kalahati (½ ) ng singil ng kompanya sa sukat na singil (*"measured-rate"*) sa bawat buwan. |
| Serbisyong Pagpapakabit at Serbisyong Pagpapapalit | Para simulan ang serbisyo o palitan ang uri ng inyong kasalukuyang serbisyo. | Bawat beses na magumpisa o magtigil kayo ng serbisyo, kailangan ninyong magbayad ng singil para sa koneksyon o pagpalit nito, halimbawa, tuwing paglipat ninyo. Kayo ay kailangang magbayad ng pinakamababang halaga kahit na ito ay $10 o 1/2 ng singil ng kompanya sa telepono. |

## Paano Sumali

Para makakuha ng diskuwento sa *"California LifeLine"*, tawagan ang inyong panglokal na kompanya ng telepono. Ipadadala sa koreo ng programang *"California LifeLine"* ang *"Certification Form"* sa isang kulay rosas na sobre. Kinakailangang kumpletuhin ito at ibalik sa programang *"California LifeLine"* sa nakatakdang petsa sa *"Certification Form"*.

## Pagpapanatili ng Inyong Pagiging Karapat-dapat sa Lifeline

Kung kayo ay kasalukuyang kabilang na sa *"California LifeLine"*, dapat patunayan taun-taon na kayo ay karapat-dapat sa pamamagitan ng pagkumpleto ng *"Verification Form"*. Matatanggap ninyo ang *"Verification Form"* sa loob ng isang kulay rosas na sobre. Dapat kumpletuhin ito at ibalik sa programang *"California Lifeline"* sa nakatakdang petsa sa *"Verification Form"*.

Kayo ay maaaring maging karapat-dapat sa *"California Lifeline"* kung ang kabuuang kita ng inyong sambahayan ay nasa o hindi hihigit pa sa itinakdang limitasyon ng kinikita para sa inyong sambahayan:

| Laki ng Sambahayan | California Lifeline Taunang hangganan ng kinikita (6/1/08 hanggang 5/31/09) |
|---|---|
| 1-2 miyembro | $22,900 |
| 3 miyembro | $26,900 |
| 4 miyembro | $32,400 |
| Bawat dagdag ng Miyembro | $5,500 |

Para sa karagdagang kaalaman, tawagan ang inyong kompanya ng telepono o ang LifeLine Center sa 866-272-0353. Maaari rin ninyong bisitahin ang *website* ng PUC sa

www.cpuc.ca.gov
o
www.CalPhoneInfo.com

CALIFORNIA LifeLine TELEPHONE PROGRAM